1

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 1B: Ano ang Aking Kulay? Saan Ako Kasali?





ALTERNATIVE DELIVERY MODE



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Arts – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1B: Ano ang Aking Kulay? Saan Ako Kasali?**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Marvin S. Aquino

**Editor:** Marilou G. Gammad, Ana Grace Gallardo, Alexander Barasi

**Tagasuri:** Denis M. Agbayani, Alexander Domingo

**Tagaguhit:** Marvin S. Aquino, Reynaldo A. Simple

**Tagalapat:** Marvin S. Aquino

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas, Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Denis M. Agbayani
Ruby B. Maur
Cherry Grace D. Amin
Alexander Domingo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 1B:
## Ano ang Aking Kulay?
## Saan Ako Kasali?

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang Modyul na ito ay dinesenyo and isinulat para sa iyong kapakanan. Ito ay upang tulungan kang maunawaan ang Arts. Ang saklaw ng modyul na ito maaring gamitin sa iba't-ibang uri ng sitwasyon sa pagkatuto. Ang wikang ginamit dito ay kumukilala sa iba't-ibang antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral. Inayos ang mga gawain para masundan ang wastong daloy ng pagkatuto. Ngunit ang pagkasunud-sunod ng iyong pagbasa ay naaayon sa libro na iyong ginagamit ngayon.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Nakikilala ang pangkat na kinabibilangan ng bawat kulay: pangunahin, pangalawa at pangatlong pangkat na makikita sa mga natural na bagay at mga bagay na likha ng tao. **(Q2/Wks1-2-A1EL-IIa)**



# *Subukin*

**Panuto: Subukin ang iyong kakayahan sa pagsusulit sa ibaba. Hanapin sa Hanay B ang tamang kulay ng bawat bagay na nasa Hanay A at hanapin din sa Hanay C ang pangkat na kinabibilangan ng kulay nito. Isulat sa papel ang sagot.**

| | A | B | C |
|---|---|---|---|
| 1. |  | lila | pangunahin, pangalawa, pangatlo |
| 2. |  | pula-dalandan | pangunahin, pangalawa, pangatlo |
| 3. |  | dilaw | pangunahin, pangalawa, pangatlo |
| 4. |  | berde | pangunahin, pangalawa, pangatlo |
| 5. |  | bughaw | pangunahin, pangalawa, pangatlo |

# Aralin 1

# Ano ang Aking Kulay? Saan Ako Kasali? (Pangatlong Pangkat ng Kulay)

Ang bawat bagay sa ating paligid ay may kani-kanyang kulay na maaring natural o artipisyal. Ang mga kulay na ito ay maaring pangkatin sa dalawa o tatlo: pangunahing kulay o primary, pangalawang kulay o secondary at pangatlong kulay o tertiary. Ang mga kulay ang siyang nagbibigay buhay sa bawat bagay sa mundo at nagpapahiwatig ng damdamin o kahulugan. Sa araling ito pagtutuunan nating ng pansin ang pangatlong pangkat ng kulay.

## *Balikan*

Bago ka magpatuloy sa modyul na ito, balikan natin ang nakaraang aralin kailangan mong sagutin ang mga sumusunod.

Ano ang kulay ng mga sumusunod na bagay?

__________ a.  abokado

__________ b.  bola

__________ c.  araw

__________ d.  laso

__________ e.  dahon

## *Tuklasin*

Pag-aralang mabuti ang larawan sa ibaba. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa **Suriin.**



## *Suriin*

1. Ano ang ipinapakita sa larawan? _______________
2. Sino ang lumikha nito? __________________________
3. Anu-ano ang mga kulay nito?
   ________________________________________________
4. Ilan ang kulay ng paru-paru? ___________________
5. Alin sa mga kulay ng paru-paru ang hindi kasali sa pangunahin at pangalawang pangkat ng kulay?

Ang yellow-green ay kulay na kasama sa pangatlong pangkat.

Maliban sa pangunahin at pangalawang kulay mayroon din tayong pangatlong pangkat ng kulay.

Tingnan ang color wheel. Kaya mo bang tukuyin ang mga pangatlong kulay?



Ano-ano ang mga kulay na kabilang sa pangatlong pangkat ng kulay? Tingnan ang color wheel sa ibaba.




Ilan ang mga pangatlong kulay?

May anim na pangatlong kulay, ito ang sumusunod:

red-orange
red-violet
blue-violet
blue-green
yellow-green
yellow-orange

Paano nalilikha ang pangatlong kulay?

Nalilikha ang pangatlong kulay sa pamamagitan ng paghahalo ng pangunahin at pangalawang kulay.

Pag-aralan natin ang tsart.

| Pangkat ng kulay | | |
|---|---|---|
| Pangunahin | Pangalawa | Pangatlo |
| red | orange | red-orange |
| red | violet | red-violet |
| blue | green | blue-green |
| blue | violet | blue-violet |
| yellow | green | yellow-green |
| yellow | orange | yellow-orange |

Ang dami nating nalilikhang kulay dahil sa paghahalo ng iba't ibang kulay.

Tulad ng pangunahin at pangalawang kulay ang pangatlong kulay ay makikita sa mga natural na bagay at mga bagay na gawa ng tao.

Halimbawa:

yellow-green na saging - natural
yellow- green na t-shirt - gawa ng tao

**Unawain**

Ang bawat bagay sa ating paligid ay may kani-kanyang kulay na maaring natural o artipisyal. Ang mga kulay na ito ay maaring pangkatin sa dalawa o tatlo: **pangunahing kulay** o *primary*, **pangalawang kulay** o *secondary* at **tersiyaryong kulay** o *tertiary*. Ang mga kulay ang siyang nagbibigay buhay sa bawat bagay sa mundo. Lalong gumaganda ang isang likhang-sining dahil sa kulay nito.

## *Pagyamanin*

### Gawain 1

**Panuto:** Pagmasdang mabuti ang nakalarawang kulay sa **color wheel** sa susunod na pahina. Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol dito.




**P**-primary, **S**-secondary, **T**-tertiary

1. Anu-anong kulay ang nakikita mo sa larawan? Ilista ito sa bawat hanay.

| Pangunahing Kulay (Primary) | Pangalawang Kulay (Secondary) | Tersiyaryong Kulay (Tertiary) |
| --- | --- | --- |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

2. Nailista mo ba lahat ang mga kulay? ______________

## Gawain 2

**Panuto:** Pag-aralang muli ang nakalarawang **color wheel**. Sagutin ang mga tanong tungkol dito.




1. Ano kaya ang kulay ng mga sumusunod na bagay? Gamitin ang color wheel sa itaas.

| Bagay | Kulay nito |
|---|---|
| 1. talong (hinog) | |
| 2. papaya (hinog) | |
| 3. dahon | |
| 4. mangga (hinog) | |
| 5. kalangitan | |

2. Sigurado ka ba sa mga kulay na napili mo? Bakit?

## Gawain 3

**Panuto:** Kung tama ang pangkat na kinabibilangan ng kulay, gamitin ang nabanggit na kulay upang kulayan mga puso bago ang bilang at kung hindi tugma ang pangkat na kinabibilangan huwag itong kulayan.

1. PULA = Pangunahing kulay
2. DALANDAN = Pangunahing kulay
3. BERDE = Pangalawang kulay
4. LILA = Panglawang kulay
5. DILAW-DALANDAN = Tersiyaryong kulay

## Gawain 4

**Panuto:** pagmasdan ang iyong paligid pumili ng limang bagay na iyong nakikita at ilista sa talahanayan ang pangalan at ang kulay nito.

| Mga Bagay | Kulay Nito | Pangkat |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |

## *Isaisip*

**Panuto:** Punan ang bawat patlang ng tamang salita mula sa loob ng kahon upang mabuo ang kaisipan ng Modyul na ito.

Sa Modyul na ito, natutuhan ko na ang bawat bagay sa ating paligid ay may kani-kanyang kulay na maaring natural o artipisyal. Ang mga kulay na ito ay maaring pangkatin sa dalawa o tatlo: _______________ o primary, _________________ o secondary at _______________ o tertiary. Ang mga kulay ang siyang nagbibigay buhay sa bawat bagay sa mundo at nagpapahiwatig ng ______________ o ________________.

| | |
|---|---|
| pangunahing kulay | kahulugan |
| damdamin | pangalawang kulay |
| tersiyaryong kulay | |

## *Isagawa*

Upang malaman kung ikaw ay may natutunan sa Modyul na ito, isagawa ang panuto na nakasaad.

**Panuto:** Gamit ang kaalaman sa nakalipas na pagsasanay kumuha ng krayola at kulayan ang mga kahon batay sa nakasulat na kulay sa loob nito. Ang dalawang nakasulat na kulay ay dapat paghaluin.

1. bughaw-lila (blue+violet)
2. DILAW+BERDE (Yellow+Green)
3. dilaw-dalandan (yellow+orange)
4. ASUL+berde (Blue+green)
5. PULA+DALANDAN (Red+Orange)

## *Tayahin*

Ang bahaging ito ng Modyul ay susukat sa kabuuan ng iyong natutunan upang malaman kung ikaw ay magpapatuloy sa susunod na Modyul o hindi. Kapag nakakuha ka ng **3-5**, magpatuloy, **0-2**, ulitin ang Modyul. Panuto: Isulat ang **P1** kung Pangunahing Kulay, **P2** kung pangalawang kulay at **P3** kung tersiyaryong kulay . Isulat ang sagot sa sagutang papel.

_____ 1. berde
_____ 2. asul
_____ 3. asul-berde
_____ 4. dalandan
_____ 5. pula

## *Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, ikaw ay susubukin sa iyong kakayahan sa paggamit ng kulay sa mga bagay sa paligid batay sa natural o artipisyal nitong kulay.

Gumuhit ka sa isang papel ng tatlong hugis. Kulayan ang una ng pangunahing kulay, ang ikalawa ng pangalawang kulay at ang ikatlo ng pangatlong kulay. (mamili lamang ng isang kulay sa bawat pangkat)

Nasa ibaba ang **rubric** ng iyong likhang-sining.

| Pamantayan | Iskor |
|---|---|
| Natapos ng malinis at kaaya-aya at tama ang kulay | 5 |
| Malinis at kaaaya-aya ngunit may isang maling kulay | 4 |
| Natapos ngunit hindi malinis at kaaya-aya at hindi tugma ang kulay | 3 |
| Hindi natapos, hindi malinis at kaaya-aya at hindi kumpleto ang kulay | 2 |
| Nakagawa ngunit hindi nakulayan | 1 |
| Hindi nakagawa ng likhang-sining at pahayag | 0 |

# Susi sa Pagwawasto

Subukin
1. Dilaw, pangunahin
2. Bughaw, pangunahin
3. berde, pangalawa
4. Lila, pangalawa
5. pula-dalandan, pangatlo

Balikan
1. lila
2. Pula
3. Dilaw
4. Bughaw
5. Berde

**Gawain 1**

| Pangunahing Kulay (Primary) | Pangalawang Kulay (Secondary) | Tersiyaryong Kulay (Tertiary) |
|---|---|---|
| Red (Pula) | Green (Berde) | Red-orange |
| Blue (Asul) | Purple (Lila) | Red-violet |
| Dilaw (Yellow) | Orange (Dalandan) | Yellow-green |
| | | Yellow-orange |
| | | Blue-green |
| | | Blue-violet |

**Gawain 2**

| Bagay | Kulay nito |
|---|---|
| 1. talong (hinog) | lila |
| 2. papaya (hinog) | dalandan, red-orange |
| 3. dahon | green |
| 4. mangga (hinog) | dilaw |
| 5. kalangitan | bughaw |

Isahang pagsasanay
Gawain 1
1. 2. 3 4. 5.



Gawain
Iba't-iba ang maaaring sagot

Isagawa



Tayahin
1. P2 2. P2 3. P3 4. P2 5. P1

## *Sanggunian*


Arts  1 MELC CURRICULUM Guide

Curriculum Guide in Arts 1

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph